## MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON

- Para sa mas maraming impormasyon sa pagmamaskara kabilang ang mga respireytor, bisitahin ang: ph.lacounty.gov/masks.
- Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa mga patakaran ng Cal/OSHA, bisitahin ang: dir.ca.gov/dosh/coronavirus/Non_Emergency_Regulations/
- Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa Kompensasyon ng mga Manggagawa, bisitahin ang: https://www.dir.ca.gov/dwc/InjuredWorker.htm
- Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa Paghahabol sa Seguro para sa Kapansanan (Disability Insurance Claims), bisitahin ang: edd.ca.gov/en/Disability/How_to_File_a_DI_Claim_in_SDI_Online
- Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa Bayad na Bakasyon Kapag may Sakit sa Lungsod ng Los Angeles, bisitahin ang: wagesla.lacity.org
- Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa paano magsampa ng reklamo sa Cal/OSHA, bisitahin ang: dir.ca.gov/covid/workplace-issues.html
- Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa Gabay sa Pagbubukod ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County, bisitahin ang: ph.lacounty.gov/covidcommunity
- Ang Programa ng Mga Konseho ng Pampublikong Kalusugan ay nagbibigay ng tulong sa mga manggagawa sa mga partikular na industriyang may mataas na peligro, para sa mas maraming impormasyon tingnan: http://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/phcouncils/

## KUNG IKAW AY NASA MAS MATAAS NA PANGANIB NG MATINDING SAKIT KUNG MAGKAKAROON KA NG COVID-19, IKONSIDERA NA GUMAWA NG MGA SUMUSUNOD NA HAKBANG PARA PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI HABANG NASA TRABAHO:

(1) Kung nagtatrabaho ka kasama ang mga tao sa mga panloob na lugar, humingi ng respireytor sa iyong amo. Isuot ito habang ikaw ay nasa paligid ng iba sa mga panloob na lugar o habang nakasakay sa sasakyan kasama ang iba. Kung ang pagsusuot ng respireytor ay hindi para sa iyo, ang susunod na pinakamahusay na mga pagpipilian ay “dobleng maskara" (pagsuot ng maayos ang pagiging kasya na tela na maskara sa mukha sa ibabaw ng medikal na maskara) o pagsusuot ng isinukat na maskara. Alamin pa ang mas marami sa ph.lacounty.gov/masks.

(2) Manatiling 6 na talampakan ang layo mula sa iba kung pinapahintulutan ng kondisyon ng iyong trabaho ito.

(3) Sa mga oras ng pahinga, kapag kailangan mong alisin ang iyong maskara upang kumain o uminom, subukang gawin ito sa labas at malayo sa iba. Kung kailangan mong kumain sa loob sa paligid ng ibang tao, buksan ang mga bintana at pinto at panatilihin ang iyong distansya mula sa iba, kung maaari.

(4) Buksan ang mga bintana o pinto sa iyong lugar ng trabaho kung ligtas na gawin ito. Nakakatulong ang sariwang hangin na bawasan ang bilang ng mga maliliit na patak sa hangin, na binabawasan ang panganib na magkaroon ng COVID-19.

(5) Siguraduhing nakuha mo na ang lahat ng inirerekomendang mga bakuna sa iyo para sa COVID-19, kabilang ang binagaong dosis ng pampalakas na bakuna. Alamin pa ang mas marami sa ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated.

(6) Kung magkakaroon ka ng COVID-19, maaari kang makakuha ng mga gamot na gumagamot sa COVID-19 at makakatulong na magkasakit ka ng matindi. Ang mga iniinom na gamot ay dapat magsimula sa loob ng 5 araw mula noong unang nagsimula ang iyong mga sintomas. Ang mga gamot ay libre. Tanungin ang iyong doktor o tumawag sa (833) 540-0473. Alamin pa ang mas marami sa ph.lacounty.gov/covidmedicines.

# Kaligtasan sa COVID-19:

# Karapatan ng mga Manggagawa

Kagawaran ng Pampublikong
Kalusugan ng Los Angeles County
www.publichealth.lacounty.gov
3/19/2024

Nilalaman ng munting aklat sa Karapatan ng mga Manggagawa. Kasalukuyang nakapaskil sa: publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/docs/business/Workers_Rights_Pamphlet.pdf

County of Los Angeles Public Health

## KALIGTASAN SA COVID-19: KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA SA CALIFORNIA

Alinsunod sa Cal/OSHA, ang iyong amo ay inaatasang gumawa ng mga hakbang para protektahan ka mula sa COVID-19. Alamin ang iyong mga karapatan at iulat ang mga paglabag sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-usap sa iyong tagapamahala o kinatawan ng kaligtasan.
- Pakikipag-usap sa kinatawan ng iyong unyon.
- Pagsasampa ng reklamo sa Cal/OSHA sa pamamagitan ng pagtawag sa (213) 576-7451 o 833-579-0927.

## PAGSASANAY NG MGA MANGGAGAWA

- Ang iyong amo ay dapat mayroong binagong napapanahong nakasulat na programa sa pagpigil sa COVID-19 na tumutukoy, nagsusuri, at nagwawasto sa mga panganib sa COVID-19 sa iyong lugar ng trabaho at nagbibigay ng pagsasanay sa mga manggagawa sa programang ito para sa pagpigil. Maaari itong solo o bahagi ng Programa ng Pagpigil sa Pinsala at Sakit ng iyong amo.

## PERSONAL NA KAGAMITAN SA PROTEKSYON (O "PPE")

- Kung iniaatas na magsuot ka ng maskara sa trabaho, dapat ibigay sa iyo ng iyong amo ang mga ito nang libre at palitan ito kapag kinakailangan.
- Habang ang lahat ng mga maskara ay nagbibigay ng ilang antas ng proteksyon, ang mga ayos ang pagkakasyang respireytor, lalo na ang mga N95, ay nagbibigay ng pinakamahusay na proteksyon.
- Kung nagtatrabaho ka sa mga panloob na lugar o sa mga sasakyan kasama ng iba at gusto mong magsuot ng respireytor, dapat kang bigyan ng iyong amo ng mga libreng respireytor kung hihilingin mo ang mga ito. Dapat kang bigyan ng iyong amo ng mga respireytor na may tamang sukat at sanayin kung paano magsuot ng respireytor nang tama, kasama na kung paano gumawa ng pagsusuri ng pagiging selyado.
- Ang iyong amo ay hindi maaaring sikaping pigilin o gumanti laban sa iyo dahil sa pagsusuot ng maskara sa mukhana habang nasa trabaho.
- Ang mga medikal na maskara at respireytor ay dapat palitan kung sila ay mabasa o marumihan. Kung gumagamit ka ng mga respireytor, tingnan ang mga tagubilin ng tagagawa upang malaman kung gaano katagal ang mga ito maaaring isuot bago sila dapat itapon. Ang mga medikal na mga maskara ay dapat itapon pagkatapos nilang maisuot ng isang beses.

Alamin pa ang mas marami sa ph.lacounty.gov/masks.

**Alamin ang iyong mga karapatan.**

## PAGSUSURI SA COVID-19

- Ang mga amo ay dapat mag-alok ng pagsusuri nang walang bayad at sa panahon ng trabaho na bayad ang oras sa sinumang manggagawa na nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa COVID-19 sa trabaho o maaaring nalantad sa panahon ng pagsiklab sa lugar ng trabaho (maliban sa mga manggagawang gumaling na mula sa COVID-19 sa nakalipas na 30 araw at walang sintomas).
- Maaaring gawin ang pagsusuri sa pamamagitan ng iyong amo, sa opisina ng iyong doktor o sentro ng kalusugan (health center), sa lokal na kagawaran ng kalusugan, o sa lugar ng pagsusuri sa komunidad.
- "Ang walang bayad" ay nangangahulugan na dapat sagutin ng iyong amo ang lahat ng iyong gastusin sa mga pagsusuri, kabilang ang pagbabayad ng iyong mga sahod para sa iyong oras upang magpasuri (kabilang ang paglalakbay papunta at mula sa lugar ng pagsusuri). Dapat din nilang ibalik sa iyo ang nagastos mo sa paglalakbay papunta sa lugar ng pagsusuri(halimbawa milyahe o pampublikong transportasyon).

## BAKASYON DAHIL SA PAGKAKASAKIT

- Kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa COVID-19, ipaalam kaagad sa iyong amo.
- Ang batas ng permanenteng bayad sa bakasyon dahil sa pagkakasakit ng California ay nalalapat sa karamihan ng mga manggagawa at iniaatas na ang mga amo ay magbigay ng hindi bababa sa 40 na oras o limang araw bawat taon ng oras para sa pagkakasakit. Maaaring mong gamitin ang oras na ito para magpagaling mula sa pisikal/pangkaisipang sakit o pinsala, pangangalaga para mapigilan ang sakit, o kung kailangan mong alagaan ang miyembro ng pamilya.
- Ang ilang mga lungsod sa County ng LA ay mayroon ding mga batas na itinakda sa pinakamababang bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit. Halimbawa, iniaatas ng Lungsod ng Los Angeles na ang mga kwalipikadong manggagawa ay tumanggap ng 48 oras o 6 na araw bawat taon ng bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit.
- Kung sa palagay mo ay nahawa ka ng COVID-19 sa trabaho, maaari kang maghain ng reklamo para sa kompensasyon ng manggagawa (workers' compensation claim) sa iyong amo para mabayaran ang mga medikal na gastos, nawalang sahod, at iba pang gastusin na may kaugnayan sa iyong sakit.
- Kung mayroon kang COVID-19 and hindi makapagtrabaho, maaari kang magsumite ng kahilingan ng Seguro para sa Kapansanan (Disability Insurance [DI] claim) para makatulong mabayaran ang mga gastusin. Kakailanganin mo ng patunay mula sa iyong doktor o opisyal ng estado o lokal na opisyal ng kalusugan na mayroong kang COVID-19.

### ANO ANG MAAARI KONG GAWIN KUNG MAY PAG-AALALA AKO SA KALIGTASAN SA COVID-19 SA TRABAHO?

- Makipag-usap sa iyong tagapamahal o kinatawan para sa kaligtasan.
- Makipag-usap sa kinatawan ng iyong unyon.
- Magsampa ng reklamo sa Cal/OSHA sa pamamagitan ng pagtawag sa (213) 576-7451 o 833-579-0927